# ADRIAN MEDINA PREGONIR

Si Adrian Medina Pregonir ay isang aktibista at manunulat sa Hiligaynon at Kinaray-a mula sa Southern Mindanao. Nagwagi ang kaniyang mga akda sa Gawad Rene O. Villanueva, Don Carlos Palanca Memorial Awards, Gawad Bienvenido Lumbera, Padya Dungug Kinaray-a, at Bantugan sa Panulatan Kinaray-a para sa tula at sanaysay. Nailimbag ang kaniyang mga akda sa iba't ibang antolohiya tulad ng *Liwayway*, T*umandok Hiligaynon, TLDTD: Biannual Journal of Filipino Poets, Dx Machina ng UP Likhaan*, *Ani, 17 Halin sa Iraya, Likhaan Journal 17,* at iba pa. Siya ay naging Fellow para sa tula sa Davao Writers Workshop, Palihang Rogelio Sicat, San Agustin Writers Workshop, at Amelia Lapena-Bonifacio Writers Workshop.

# MISERAM PACEM VEL BELLO BENE MUTARI

Mabudlay maghipos sa sambuwa sa sulod sang kaugalingon. Yara ka sa hilit-hilit sang imo kwarto, nagapungko, nagapamurungkot ikaw kag ang makit-an lamang amo ang dulom sa tunga sang dulom sa imo nawong nga ginahakos sang duha ka kamot nga daw sa kanal nga ginalahayan sang luha. Mabatian mo ang ragubong sang granada nga nagakatupa sa imop dalunggan. Liwat-liwat mo nga nga ginapangamuyo ining pagpamasol sa kaugalingon sang gin-anod sing dugo ang imo Amay tungod sang imo paglihok. Amat-amat nga gin-ubos sang imo kaaway ang imo kadugo sa sulod sang inyo balay sang ginsuguran mo nga magpasakop sa insureksiyon nga magtimalos sa mga diyos-diyos nga nagapakubos. Subong, mas labaw pa sa insureksiyon ining imo sambuwa; nahubsan ka sing bala. Sala ang ginpatihan mo nga magtimalos. Mas labing maisog ang Kadulom kon ikaw nagaduko. Ginaanod ka sang baha kon imo ginapuga ang imo igtululok. Mabudlay makigsambuwa sa yukot nga paghidaet.

# MISERAM PACEM VEL BELLO BENE MUTARI

Mas mahirap manahimik sa digmaan ng sarili. Nariyan ka sa sulok ng kuwarto, nakaupo, humahalukipkip at tanging nakikita mo ang dilim sa gitna ng dilim na niyayakap ng dalawang palad na tila kanal na dinadaluyan ng luha. Naririnig mo ang mga bulyaw ng granada na nahuhulog sa iyong pandinig. Paulit-ulit mong dasal ang paninisi sa sarili nang inanod ng dugo ang iyong Ama dahil sa iyong pagkilos. Unti-unting inubos ng iyong katunggali ang mga kahinlog[1] sa inyong bahay nang sinuong mo ang insureksiyon na maghiganti sa mga panginoong suwail na nagdulot ng inyong paghihirap. Ngayon, mas higit pa ang digmaan kaysa insureksiyon: kapos ka sa kapangyarihan ng bala. Mali ang inakala mong maghiganti. Mas mabangis ang dilim tuwing yumuyuko ka. Inaanod ka ng baha tuwing pinipiga mo ang iyong mata. Mahirap lumaban sa gumon-gumong kapayapaan.

---

*1 Kahinlog – kadugo*